

# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

PAGPAPASIMULA NG AMENDASYON SA NIREBISANG KARTA NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU 1973 (NAAMYENDAHANG 2017 EDISYON), BILANG NAAMYENDAHAN, KAUGNAY SA PAGHAHANDA AT PAGRESPONDE SA EMERHENSIYA.

YAMANG, nakita ng Konseho ng Lungsod ("Konseho") na ang Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya (Department of Emergency Management, "DEM") ay may napakahalagang papel upang masigurado ang kaligtasan at ikabubuti ng mga Residente ng Lungsod at County ng Honolulu ("Lungsod"); at

YAMANG, ang DEM ay naatasan sa pagbuo, paghahanda, at pagtulong sa pagpapatupad ng mga plano at programa para sa tanggulang sibil ng Lungsod at paghahanda sa mga emerhensiya o sakuna; at

YAMANG, noong 2007, ang Civil Defense Agency ng Lungsod ay napalitan bilang DEM, at noong 2014, ang Seksiyon 127A-5, Hawaii Revised Statutes ("HRS") ay naipatupad, na nagsasabing ang direktor ng bawat ahensiya ng county para sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya ay magpapasakop sa HRS Kabanata 76; at

YAMANG, ang HRS Kabanata 76 ay ang batas ng serbisyo sibil sa Estado ng Hawai'i ("Estado"), na kapit sa mga empleyado ng Estado at mga county nito; at

YAMANG, ang HRS Seksiyon 76-1 ay nagsasabi na ang serbisyo sibil na mga posiyon ay pupunan ayon sa merit principle, na siyang pagpili ng mga tao ayon sa kanilang kaangkupan at kakayahan para sa trabaho publiko at pananatili ng mga empleyado ayon sa ipinapakita nilang angkop na pag-uugali at mabungang trabaho; at

YAMANG, ang HRS Seksiyon 76-1 ay nagsasabi din na ang merit principle na ito ay magiging polisiya para sa programa ng pagpili ng empleyado sa bawat county; at

YAMANG, ang pagpili ayon sa merit principle ay nagsasangkot ng walang pagtatanging pagpili ng mga indibiduwal para sa serbisyo publiko sa pamamagitan ng mga paligsahang pagsusulit na patas, walang pagtatangi, at praktikal; at

YAMANG, ang HRS ay hindi naglilista ng anumang iba pang kahilingan at kualipikasyon para sa mga posiyon sa Direktor ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya ng Lungsod; at



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

---

YAMANG, ang Seksiyon 2-25.1, Nirebisang Ordinansa ng Honolulu (Revised Ordinances of Honolulu 2021, "ROH"), ay nagsasabing ang Direktor ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya ay magpapasako sa mga batas ng serbisyo sibil, at hindi mas mababa o mananagot sa kaninumang tao o departamento sa mga bagay kaugnay sa tanggulang sibil ng Estado o Lungsod maliban sa Mayor o Tagapamahalang Direktor; at


YAMANG, ang programa ng serbisyo sibil ng Lungsod ay pinangangasiwaan ng Department of Human Resources ("DHR"); at

YAMANG, sa kasalukuyan, nakalista sa website ng DHR ang mga sumusunod na tungkulin at responsibilidad ng espisipikong trabaho ng Direktor ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya:

1. Nangunguna, nagsasaayos, at nag-oorganisa ng mga plano, programa, gawain, at operasyon ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya ng Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya;
2. Nagsasaayos ng mga aktibidad ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya at kumikilos kasama ng mga nasa gobyerno ng Estado at Pederal, at kasama ng iba pang publiko at pribadong organisasyon;
3. Nangangasiwa at nagsasaayos ng mga mandato at programa ng U.S. Department of Homeland Security;
4. Nagsisilbi bilang tagapayo ng Mayor para sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya at para sa isyu ng seguridad ng bayan; at
5. Nagsasagawa ng iba pang kaugnay na tungkulin kung hilingan; at

YAMANG, sa kasalukuyan, nakalista sa website ng DHR ang mga sumusunod na espisipikong trabaho ng Direktor ng Emergency Management:

1. Kombinasyon ng edukasyon at karanasan na halos katumbas ng pagtatapos mula sa kinikilalang kolehiyo o unibersidad na pangunahin nang may gawain sa negosyo o pampublikong administrasyon o kaugnay na larangan, at limang taong karanasan ng responsableng pangangasiwa sa gobyerno o malaking organisasyon na nagsasangkot ng pagbuo at pagsasaayos ng malawak na plano at operasyon para sa emerhensiya na



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

---

ipatutupad sa mga panahon ng emerhensiya o malalaking sakuna, na dalawa sa mga ito ay tungkol sa pangangasiwa ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya o mga aktibidad para sa seguridad ng bayan;

2. Ang abilidad na makakuha ng Pederal na permiso upang makakuha ng mga sekreto o mas mataas na impormasyon bago ang pagkakumpleto ng probasyon;
3. Kaalaman sa Pederal, Estado at lokal na tanggulang sibil, paghahanda at pagresponde sa emerhensiya, at mga batas, ordinansa, operasyon, at layunin ng seguridad ng bayan; prinsipyo at kaugalian ng pagpapalano ng programa, pag-oorganisa, at pangangasiwa; pag-oorganisa ng Pederal, Estado, at lokal na gobyerno, partikular na sa kaugnayan nito o sa epekto nito sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya at mga aktibidad para sa seguridad ng bayan; pagsusulat ng report; at ugnayan sa publiko; at
4. Ang abilidad na mag-analisa ng situwasyon, gumawa ng matalinong desisyon, at kumilos ng agaran sa panahon ng emerhensiya; manguna sa pagbuo at pagmantini ng mga detalyadong plano at hakbang para sa proteksiyon ng mga residente mula sa mga panganib ng sakuna; ipaliwanang ang mga kapit na batas, ordinansa, at regulasyon; magsaayos ng mga aktibidad ng departamento sa maraming grupo at organisasyon, kabilang ang malaking bilang ng mga boluntaryo; magtakda at magpanatili ng matulunging kaugnayan sa iba; makipag-usap nang mahusay sa mga miyembro ng media at sa harap ng mga grupo; at maghanda ng mga plano ng programa, report, at sulat; at

YAMANG, ang Nirebisang Karta Ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan ("Karta"), ay naglista sa DEM bilang isang ahensiya na direkta sa ilalim ng Managing Director ng Lungsod, at hindi tumutukoy sa Direktor ng Emergency Management bilang serbisyo sibil na posisyon na sakop ng espisipikong trabaho ayon sa DHR para sa posisyong iyan; at

YAMANG, ang pagbabago sa Karta ay magpapakita ng kasalukuyang kalagayan ng DEM bilang bukod na ahensiya ng Ehekutibong Sangay ng Lungsod, at magtatakda na ang lahat ng posisyon ng DEM, kabilang ang Direktor at Katulong na Direktor nito, ay magpapasakop sa mga batas ng serbisyo sibil; at



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

YAMANG, ayon sa Karta Seksiyon 15-101, ang Konseho ay maaaring magtagyuyod, sa pamamagitan ng resolusyon, ng mga amendasyon sa Karta; at

YAMANG, ayon sa Karta Seksiyon 15-15-102.1, ang pag-aproba ng Mayor ay kahilingan para sa anumang pagbabago ng Karta na iminungkahi ng Konseho sa isang pangkalahatang eleksiyon na isinasagawa sa taon na nagtatapos sa "4"; o sa "8", ngayon, samakatuwid,

NAWA'Y PAGTIBAYIN ng Konseho ng Lungsod at County ng Honolulu:

1. Na ang kasunod na tanong ay mailagay sa balota ng 2024 pangkalahatang na eleksiyon:

"Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para itakda ang Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya bilang bukod na ahensiya ng Ehekutibong Sangay ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtatalaga sa Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya ng isang hiwalay na kabanata sa Karta ng Lungsod katulad ng mga kabanata na naitalaga para sa iba pang mga departamento ng Lungsod; upang ipakita na ang lahat ng posisyon sa Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya, kabilang ang kaniyang Direktor at Katulong na Direktor, ay sakop ng mga batas ng serbisyo sibil; at upang espesipikong banggitin ang mga minimum level ng kuwalipikasyon para sa posisyon ng serbisyo sibil ng Direktor ng Emergency Management, na may karagdagang minimum na kuwalipikasyon na matutukoy ayon sa mga batas ng serbisyo sibil?"

2. Ang Seksiyon 3-122.1, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay inaamyendahan para kabasahan ng ganito:

"1. Dapat ay may bukod na komisyon sa suweldo upang magtakda ng mga suweldo ng mga naupong opisyal, kabilang na ang mayor, mga miyembro ng konseho, at abogadong taga-usig, at ang mga sumusunod na napiling opisyal: tagapangasiwang direktor, katulong na tagapangasiwang direktor, ulo ng departamento, katulong na ulo ng departamento, at direktor ng banda[-]; sa kondisyon na ang komisyon ng suweldo ay hindi magtatakda ng suweldo ng mga direktor at katulong na direktor na napili ayon sa mga batas ng serbisyo sibil. Ang komisyon ay dapat ding magtakda ng eskedyul para sa suweldo ng mga kinatawan ng tagapayong korporasyon



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

at ng abogadong taga-usig. Ang mga miyembro ay binubuo ng pitong miyembro, na magsisilbi sa loob ng limang taong paunti-unting termino at hanggang ang kanilang kapalit ay naitalaga na at napili. Ang unang pagtatalaga ay magsisimula nang hindi lalampas sa Enero 15, 1993, at ayon sa sumusunod:

- |     |   |               |
|-----|---|---------------|
| (1) | Dalawang miyembro, ang isa ay itinalaga ng mayor at ang isa ay itinalaga ng konseho | Dalawang taon |
| (2) | Dalawang miyembro, ang isa ay itinalaga ng mayor at ang isa ay itinalaga ng konseho | Tatlong taon  |
| (3) | Dalawang miyembro, ang isa ay itinalaga ng mayor at ang isa ay itinalaga ng konseho | Apat na taon  |
| (4) | Isang miyembro na itinalaga ng mayor at sinang-ayunan ng konseho                    | Limang taon   |


Ang bawat susunod na pagpili ay dapat na para sa isang termino na nagtatapos limang taon mula sa petsa ng pagkakumpleto ng termino kung kailan napili ang sinundan. Ang komisyon ay magluluklok ng isang tserman mula sa mga miyembro nito at ang komisyon ay kikilos sa pamamagitan ng kalakhang boto ng mga miyembro nito. Anumang bakante ay pupunan sa parehas na paraan tulad ng orihinal na pagpili."

3. Ang Seksiyon 6-103, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay pinalitan.

~~["Seksiyon 6-103. Departamento para sa Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya—~~

~~Dapat na magkaroon ng departamento para sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya na pinangungunahan ng isang direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya na pipiliin at maaaring alisin ng mayor alinsunod sa batas. Ang direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya ay:~~

- ~~(a) Bubuo, maghahanda at, sa ilalim ng sakuna o emerhensiya, ay tutulong sa implementasyon ng mga plano at programa ng~~



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

~~tanggulang-sibil para protektahan at itaguyod ang kalusugan ng publiko, kaligtasan at kapakanan ng mga tao sa lungsod.~~

~~(b) Iugnay ang mga gawain at papel ng tanggulang-sibil at kahandaan sa emerhensiya ng lungsod sa mga gawain at papel ng estado at pederal na gobyerno at iba pang publiko o pribadong organisasyon para sa tanggulang-sibil sa loob ng estado."~~

4. Ang Seksiyon 6-104, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay pinalitan.

~~["Seksiyon 6-104. Citizens Advisory Commission on Emergency Management –~~


~~Dapat ay mayroong komisyon ng tagapayo ng mamamayan na binubuo ng limang miyembro. Ang komisyon ang magpapayo sa mayor, sa konseho, at sa direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya sa mga bagay kaugnay ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya at sa pagtataguyod ng kaunawaan ng komunidad at interes sa mga bagay na ito. Ang komisyon ay magpapasakop sa mga probisyon ng Seksiyon 13-103 ng kartang ito."]~~

5. Ang Seksiyon 6-1103, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay inaamyendahan para kabasahan ng ganito:

**“Seksiyon 6-1103. Eksemsiyon sa Serbisyo Sibil at Ehekutibong Sangay –**

Ang probisyon ng kabanatang ito [ng-karta] ay kapit sa lahat ng posisyon sa serbisyo ng ehekutibong sangay. Ang seksiyong ito ay kapit sa semi-autonomous na ahensiya na parang sila ay departamento ng ehekutibong sangay. Ang mga sumusunod na posisyon ay hindi kasama sa probisyon ng kabanatang ito [ng-karta]:

- (a) Posisyon ng mga opisyal na iniluklok ng boto ng publiko; posisyon ng mga ulo ng departamento, maliban sa direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya; ang posisyon ng direktor ng banda ng Royal Hawaiian Band; ang posisyon ng executive para sa pabahay; ang posisyon ng manedyer at chief engineer ng board ng suplay ng tubig; ang executive para sa pagbabago ng klima, panustos at katatagan; ang executive para sa pagpapanumbalik ng



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU


No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

---

ekonomiya at ang manedyer ng semi-autonomous na ahensiya na nilikha ng ordinansa.

- (b) Mga posisyon sa opisina ng mayor, pero ang mga posisyong ito ay maisasama sa plano ng klasipikasyon ng posisyon. Ang mga empleyado ng [~~ahensiya ng tanggulang sibil at~~] Royal Hawaiian Band, maliban sa direktor ng banda, ay hindi exempted mula sa serbisyo sibil.
- (c) Mga posisyon ng mga katulong ng tagapayong korporasyon, mga kinatawan at administratibo o mga executive assistant ng abogadong taga-usig at law clerk.
- (d) Mga posisyon ng miyembro ng anumang board, komisyon o katumbas na lupon.
- (e) Mga posisyon na pansamantala at pinunan ng mga estudyante.
- (f) Personal na serbisyo na nakuha sa pamamagitan ng kontrata kung saan ginantiyahan ng direktor na ang serbisyo ay espesyal o kakaiba, ay mahalaga para sa kapakanan ng publiko at na, dahil sa mga kalagayan na pumapalibot sa paggawa nito, ang mga tauhan na gagawa ng serbisyong ito ay hindi makukuha sa pamamagitan ng normal na serbisyo sibil na pagrerekut. Anumang katulad na kontrata ay para sa anumang panahon na hindi lalampas ng isang taon.
- (g) Personal na serbisyo na pansamantala na kailangan para sa kapakanan ng publiko kung saan ang pangangailangan para rito ay hindi lalampas ng isang taon, ngunit bago ang sinuman ay matanggap para magbigay ng ganoong serbisyo, ang direktor ng human resources ay gagantiya na ang serbisyo ay pansamantala at na ang pagrerekut sa pamamagitan ng normal na serbisyo sibil na pagrerekut ay hindi praktikal.
- (h) Personal na serbisyo na ginawa nang may bayad, kontrata o nakabase sa bawat trabaho ng mga tao na legal na makagagawa ng kanilang tungkulin kasabay ng kanilang pribadong negosyo o propesyon o iba pang pribadong trabaho, kung meron man, at na



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON


---

ang mga tungkulin ay humihiling lamang ng bahagi ng kanilang panahon, kung saan hindi praktikal na masigurado o makalkula ang bahagi ng panahon na ginamit para sa serbisyo sa lungsod at kung ang bagay na ito ay ginarantiyahan ng direktor ng human resources.

- (i) Mga posisyon ng isang pangunahing kinatawan; at para sa departamento ng kapulisan isang karagdagang kinatawan; pribadong sekretarya sa mga ulo ng mga departamento at ang kanilang mga kinatawan at sa executive para sa pabahay; at sa posisyon ng tagapangasiwang direktor, isang pangunahing kinatawan at pribadong sekretarya sa bawat isa; ngunit ang mga posisyon ng pribadong sekretarya ay isasama sa plano ng klasipikasyon ng posisyon. Ang pangunahing kinatawan sa departamento ng human resources[,] at ang pangunahing kinatawan sa departamento ng paghahanda at pagreresponde sa emerhensiya, gayunpaman, ay hindi exempted sa serbisyo sibil.
- (j) Mga posisyon o personal na serbisyo sa mga paglalahad na programa at magkasamang makikilahok at mga espesyal ng proyekto na naglilingkod sa komunidad; sa kondisyon na ang gayong eksemsiyon ay hinihiling ng pederal na batas o tuntunin at pagkatapos ay alinsunod sa mga paraan na itinakda ng ordinansa.
- (k) ang mga sumusunod na posisyon ng ahensiya ng pampublikong transportasyon:
  - (1) Ang punong direktor, katulong na direktor, pribadong sekretarya ng punong direktor at ng mga katulong na direktor; at
  - (2) Mga posisyon na ginarantiyahan ng direktor ng human resources na humihiling ng espesyal na kaalaman at karanasan sa pagpapalano, pagbuo, operasyon, pagmamantini, at pangangasiwa ng fixed guideway system, o transit-oriented development;

sa kondisyon na, maliban sa mga posisyon ng pribadong sekretarya, ang gayong mga posisyon ay hindi dapat isama sa





# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

plano ng klasipikasyon ng posisyon dahil ang gayong mga posisyon ay itatalaga ng ahensiya ng pampublikong transportasyon.

- (l) Mga posisyon sa komisyon ng alak ng administrador ng alak at ang katulong na administrador ng alak, pero ang gayong posisyon ay isasama sa plano ng klasipikasyon ng posisyon.
- (m) Posisyon sa komisyon ng etika.

Ang direktor ng human resources ang tutukoy sa pagiging kapit ng seksiyong ito ng karta sa espisipikong trabaho o serbisyo sa ehekutibong sangay."

6. Na ang Seksiyon VI, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay inaamyendahan sa pamamagitan ng pagdagdag ng bagong Kabanata 19 para kabasahan ng ganito:

### **"KABANATA 19 - DEPARTAMENTO NG PAGHAHANDA AT PAGRESPONDE SA EMERHENSIYA**

#### **Seksiyon 6-1901. Pag-Oorganisa –**

Dapat na magkaroon ng departamento ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya na pinangungunahan ng isang direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya, na sakop ng batas ng serbisyo sibil, at pinili at maaaring alisin ng mayor alinsunod sa batas.

#### **Seksiyon 6-1902. Direktor ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya, Mga Kualipikasyon–**

Ang direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya ay:

- (a) Mayroong hindi bababa ng limang taong karanasan ng responsableng pangangasiwa sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya, pagpapalano para sa sakuna, o pangangasiwa ng mga serbisyo ng kaligtasan ng publiko, hindi bababa ng dalawang taon na kailangang sangkot sa pangunguna sa paghahanda o



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

---

pagreresponde sa emerhensiya o aktibidad para sa seguridad ng bayan, o parehas; at

- (b) Mayroong karagdagang minimum na kualipikasyon na itinalaga ng human resources para sa espisipikong trabaho ng direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya, ayon sa Seksiyon 6-1109.

### **Seksiyon 6-1903. Direktor ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya, Kapangyarihan, Tungkulin, Papel–**

Ang direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya ay:

- (a) Bubuo, magmamantini, at magpapatupad ng plano ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya para ang lungsod ay makapaghanda para sa, mabawasan ang, makapagresponde, at makabangon mula sa emerhensiya at sakuna.
- (b) Isaayos ang mga gawain para sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya at kumikilos sa loob ng lungsod kasama ng mga nasa estado at pederal na mga gobyerno, at kasama ng iba pang publiko at pribadong organisasyon para sa mga layuning kaugnay sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya.
- (c) Magtalaga ng responsibilidad para sa pangunguna at suporta sa mga ahensiya ng lungsod at tauhan para sa mga papel sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya.
- (d) Magpatupad ng mga programa ng pagsasanay at pag-eensayo para pasulungin ang abilidad ng mga ahensiya ng lungsod at mga tauhan para gawin ang kanilang papel sa paghahanda at pagresponde sa emerhensiya.
- (e) Maglaan ng pampublikong impormasyon at nakapagtuturong programa kaugnay sa pagiging handa sa emerhensiya at sakuna.
- (f) Gawin ang iba pang tungkulin na hinihiling ng batas.



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

### **Seksiyon 6-1904. Komisyon ng Tagapayo ng Mamamayan sa Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya –**

Dapat ay mayroong komisyon ng tagapayo ng mamamayan na binubuo ng limang miyembro. Ang komisyon ang magpapayo sa mayor, sa konseho, at sa direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya sa mga bagay kaugnay ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya at sa pagtataguyod ng kaunawaan ng komunidad at interes sa mga bagay na ito. Ang komisyon ay magpapasakop sa mga probisyon ng Seksiyon 13-103."

7. Na ang Seksiyon XVI ng Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay inaamyendahan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bagong seksiyon na angkop na itinalaga ng Tagarebisa ng Karta at kababasahan ng ganito:

### **"Seksiyon 16- . Probisyon ng Transisyon Kaugnay sa Direktor ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya –**

Ang mga amendasyon ng 2024 karta na ginawa sa Artikulo VI, Kabanata 19, ay hindi makakaapekto sa termino ng anumang kasalukuyang direktor ng paghahanda at pagresponde sa emerhensiya na maglilingkod sa Enero 1, 2025. Malibang bakantehin ang opisina sa mas maagang panahon, ang kasalukuyang opisyal ay mananatili sa posisyon hanggang sa bakantehin ng kasalukuyang opisyal ang opisina."

8. Na sa Seksiyon 2, 3, 4, 5, at 7 ng resolusyong ito, ang mga bahaging aalisin ay nakapaloob sa bracket at na-cross-out at ang bagong bahagi ng Karta ay naguhitan. Kapag nagrerebisa, nagtitipon, o nag-iimprenta ng mga probisyon ng Kartang para maisali sa Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ang Tagarebisa ng Karta ay hindi na kailangang maglagay ng bracket, bahaging nakapaloob sa bracket at na-cross-out, o ng naguhitan.
9. Na ang Tagarebisa ng Karta, sa pagrerebisa, pagtitipon, o pag-iimprenta, ay maaaring palitan ang laki ng letra o ang porma ng numero at kabuoan ng pera para sa pagkakapareho.

Kung ang mga probisyon ng naamyendahang Karta ayon sa resolusyong ito ay amyendahan ng anumang ibang mga amendasyon ng Karta na naprobahan ng



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

---

mga botante sa 2024 pangkalahatang eleksiyon, ang Tagarebisa ng Karta, sa pagrerebisa, pagtitipon, o pag-iimprenta ay:

- a. Maaring magtalaga o magtalagang muli ng mga artikulo, kabanata, seksiyon, o bahagi ng seksiyon, at ayusin ang mga reperensiya sang-ayon sa mga ito; at
  - b. Magpapatupad, malibang iba ang banggitin sa resolusyong ito o sa ibang mga resolusyon na nag-aamyenda sa mga probisyon ng Kartang ito, hangga't posible, ng lahat ng mga amendasyong naaprobahan.
10. Na sa pagtanggap ng Konseho ng Lungsod at County ng Honolulu sa resolusyong ito at aprobasyon ng Mayor, ang Clerk ng Lungsod ay tinatagubilinan na:
- a. Maghanda ng mga kinakailangang balota na may tanong na nakapaloob sa resolusyong ito at may espasyo para sa "oo" at "hindi" na boto sa tanong para sa paghaharap sa mga botante sa 2024 pangkalahatang eleksiyon. Maaaring gumawa ang Clerk ng Lungsod ng mga teknikal at maliliit na pagbabago sa porma ng tanong na iniharap upang sundin ang porma ng ibang tanong para sa amendasyon ng Karta na ihaharap sa mga botante sa parehas na eleksiyon; at
  - b. Detalyadong maglathala ng mungkahi-sa-itaas na amendasyon sa Karta sa pang-araw-araw na pahayagan na ibinabahagi sa publiko sa Lungsod at County ng Honolulu nang hindi bababa sa 45 na araw bago ang pagsusumite sa mga bobante sa 2024 pangkalahatang eleksiyon.



# KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-239, CD1, FD1

## RESOLUSYON

- Na sa pag-aproba sa tanong sa pag-amyenda sa Karta na iniharap sa Seksiyon 1 ng resolusyong ito ng kalakhang bahagi ng botanteng bumoboto doon, bilang sertipikado, ang mga pagbabago sa Karta na iminungkahi sa resolusyong ito ay magkakabisa sa Enero 1, 2025.

INIHARAP NI:

Matt Weyer

Tommy Waters

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

PETSA NA INIHARAP:

Septiembre 27, 2023

Honolulu, Hawai'i

MiyembrongKonseho

INAPROBAHAN ngayong ika-\_\_\_\_\_ na araw ng \_\_\_\_\_, 20 \_\_\_\_\_.

\_\_\_\_\_  
RICK BLANGIARDI, Mayor  
Lungsod at County ng Honolulu